

Tungkol sa: Paghahanda sa mga Kabataan para sa mga Sakramento

Minamahal na mga Magulang:

Ang liham na katulad nito na nasusulat sa Ingles ay ipinadala sa bahay para ipaliwanag kung papaano inihahanda ang mga bata para sa mga sakramento. Dahil ang inyong unang wika ay Filipino/Tagalog, ipinadadala din namin sa inyo ang liham na ito sa inyong sariling wika.

Alam ba ninyo?

- Kada taon, sa isang paaralang Katoliko, matututuhan ng inyong anak ang tungkol sa mga napakaraming anyo ng kanilang Katolikong paniniwala – kabilang ang pag-aaral tungkol sa pitong sakramento.
- Sa ating Diyosis, ang *paghahanda* sa mga bata para sa pagdiriwang ng kanilang mga sakramento ay **palagiang nangyayari sa parokya**:
 - paghahanda para sa Unang Pangungumpisal, kasunod ang Unang Komunyon, ay nangyayari kapag ang mga bata ay pitong taon at nasasa ika-2 Grado.
 - paghahanda para sa Kumpil ay nangyayari kapag ang mga bata ay 11-12 taon na at nasasa ika-6 na Grado.

Ang paghahanda sa mga tao para sa pagtanggap ng mga sakramento ay isang kaugaliang ipinagmamalaki ng Simbahan. Ang matutong manampalataya ay isang panghabang-buhay na proseso. Ang mga sakramento ay mga tandaan sa paglalakbay tungo sa pananampalataya. Katulad nila ay mga senyas sa daan na pumapatnubay sa atin sa daang papunta sa kabanalan, patuloy na itinuturo tayo papunta kay Kristo at sa bandang huli ay magtuturo sa atin sa huling hantungan kung alin ay ang langit. Ano mang oras na tayo ay nakikilahok sa alin man sa mga banal na sandaling ito, natatagpuan natin si Kristo. Karamihan sa mga batang pumapasok sa mga paaralang Katoliko ay handang tumanggap ng mga ito sa edad na nasabi sa itaas. Inihahanda sila kasama ang iba pa nilang kabalatay.

Nais ba ninyo na ang inyong anak ay makatanggap ng sakramento tulad ng Unang Komunyon o Kumpil?

Handa ba kayong tumulong sa kanilang isakatuparan ang pangakong ginawa nila kung tatanggapin nila ang mga ito?

Ganito iyon:

Ang mga Magulang Corpus Christ ay John Paul I magkatuwang sa paghahanda sa mga bata para sa isang sakramentong Katoliko. Ito ay gawaing panggrupo, at ang lahat ay may bahaging ginagampanan!

- Bilang isang magulang, ang Simbahan ay naniniwala *na kayo ang kauna-unahang guro sa pananampalataya* ng inyong anak. Tinuturuan ninyo sila tungkol sa Diyos; nagpapakita ng ehemplo; nagbabahagi ng inyong paniniwala at nagdadala sa kanila sa pagsimba.
- Ang mga lugar kung saan ipinagdiriwang at binubuhay ang mga sakramento ay sa parokyang Katoliko. Ang mga tao ng Diyos sa lugar na iyon ay mga bahagi ng Katawan ni Kristo. Ang pagkakaroon ng relasyon sa komunidad ng parokya ay kinakailangan para sa inyong buhay pananampalataya. Naghahanda ang mga bata para dito at ipinagdiriwang ang mga sakramento sa parokya ng simbahan.
 - Kung nais ninyong makatanggap ang inyong anak ng bawat sakramento, nararapat na ipalista ninyo ang inyong anak sa parokya.** Ang mga paaralan ay hindi kasangkot sa bahagi ng prosesong ito, ngunit magpapadala ang paaralan sa mga estudyante ng mga impormasyon tungkol sa paghahanda sa sakramento, sa ngalan ng parokya.
- Ang mga paaralang Katoliko ay espesyal na lugar para sa mga bata para matutuhan ang tungkol kay Kristo, para magsanay mamuhay sa isang komunidad ng pananampalataya at bumuo at palalimin ang relasyon kay Kristo.

Kung ang inyong anak ay hindi nagkaroon ng pagkakataong tumanggap ng mga sakramento sa karaniwang edad, mangyari lamang kontakin ang parokya para sa mga karagdagang impormasyon.

Kami Corpus Christi ay John Paul I naririto para samahan kayo at ang inyong mga anak sa mga panahong katulad nito na hindi malilimutan. Para sa mga karagdagang kaalaman, mangyari lamang bisitahin

Enero 2016